京都教区時報

2019 年
司教年頭書簡
（タガログ語版）

8 page　Toward the Kingdom of God beyond Borders” Revised Edition （English）

Isang Mensaheng Pastoral para sa 2019
mula kay
Obispo Paul Yoshinao Otsuka ng Kyoto

Ang Mabuting Pagtanggap - Misyon ng Simbahan ~ Pagtinging Higit pa sa Nasyonalidad Tungo sa Kaharian ng Diyos~

Panimula

Sa nakalipas na ilang taon, ang Japan ay nakaranas ng mabilis na pagdami ng mga dayuhan, at ngayon ay nakikita na natin araw-araw ang mga dayuhan sa buong bansa. Sa 2020, tayo ang magiging tagapamahala ng Tokyo Olympic at Paralympic Games. Ang ating makabagong panahon ng globalization ay isang panahon ng pandaigdigang pandarayuhan (global migration), isang pangyayaring matatawag na “tawag ng panahon.” Sa nakalipas na 50 taon, ang dami ng mga migrante sa buong daigdig ay lumaki ng 3 beses, at mahigit sa 200 milyong katao ang naninirahan sa labas ng kanilang bansa. Upang maiayos ang kalagayan ng pandarayuhan, nanawagan ang Caritas International ng kampanyang “Share a Journey” mula sa ika-27 ng Setyembre 2017 hanggang Setyembre 2019. Sa Japan, magpapatupad tayo ng kampanyang ito na may pangalang “Exclusion ZERO Campaign – Para mihigitan ng mga tao ang pagtingin na naayon sa nasyonalidad lamang.”

Sa ating diyosesis ng Kyoto, ang mga technical intern trainees mula sa Vietnam at Pilipinas ay lumalahok sa misa sa mga simbahan. Panahon na para pag-isipan nang mas malalim kung paano magiging mas multinational and multicultural ang ating mga komunidad, at kailangang gumawa tayo ng hakbang tungo dito.

At kaya, nagdesisyon ako na gawing tema ng aking mensaheng pastoral ang takas-kanlungan at ang pandarayuhan. Una, titingnan natin ang mga utos sa Bibliya (Scripture) na patungkol sa mga dayuhan. Tapos ay nais kong pag-usapan ang ilang batayang bagay sa pagbubuo ng komunidad ng Simbahan sa darating na panahon sa Diyosesis ng Kyoto.

At dagdag pa dito, paki basa ang binagong edition ng "Toward the Kingdom of God beyond Borders" ng Episcopal Commission for Social Issues of the Catholic Bishops' Conference of Japan.

1. Ang Dayuhan sa Lumang Tipan

Ang Palestina, ang sentro ng lumang Tipan, ay daanang (corridor area) nagdurogtong ng Ehipto sa Babilonia na palaging pinupuntahan ng iba't-ibang grupo ng katutubo (ethnic) at tribo, at kaya ang pambihirang pangyayari (phenomenon) ng paglalakbay ang naging daan ng kasaysayan ng pagliligtas (salvation). Noong mga panahong yon, ang bawa't bansa o katutubong (ethnic) grupo ay may sariling mga diyos, at kaya ang pagtira sa hindi sariling bansa ay nangangahulugan ng pamumuhay sa lugar na may ibang paniniwala at may hindi kilalang kalagayang pangrelihiyon at panglipunan. Sa Bibliya ng mga Hebreyo, ang mga dayuhan ay itunutring na may apat na uri: *zar* (dayuhang dapat katatakutan), *nokri* (dayuhang dapat iwasan), *toshabh* (ang bisitang tinatanggap) at *ger* (dayuhang iginagalang). Ipinakikita dito na, batay sa kalagayan ng kasaysayan, ang ugnayan ng Israel sa mga dayuhan ay nakikita sa iba't-ibang pananaw mula sa kinatatakutan hanggang sa iginagalang at sa pagtingin sa kanila bilang mga kalaban, bisita o kaibigan.

Ang karanasan ng pamumuhay na malayo sa kanyang lupang sinilangan, sariling bansa at pamilya ay karanasan ng mga tao sa Bibliya, lalo na sa mga salinlahi ni Abraham na nabuhay bilang alipin sa Ehipto. Ang karanasang ito ay may kinalaman sa utos ng Diyos na hindi lamang alalahanin ang kanilang dating kalagayan, kundi isipin ang gawa ng Diyos sa panahong yon. "Huwag ninyong apihin ang naninirahang dayuhan, dahil kayo ay dayuhan sa lupang Ehipto." (Exodo 22:21; tingnan din ang Deuteronomio 10:19; Levitico 19:33-34). At ang Diyos ng Israel ay nakikinig lalo na sa pagtangis ng mga taong naghihirap na walang taong mabalingan para sila ay mapakinggan, tulad ng mga naulila at mga biyuda, at mga dayuhan (estranghero), at nagbigay ng utos sa taga-Israel na ipagtanggol ang mga taong ito. "Sinasabi ni Yawe: Maging makatarungan at gumawa nang mabuti. Palayain sa kamay ng nang-aapi ang kanyang pinagsasamantalahan. Huwag maltratuhin ang dayuhan, ang ulila o ang biyuda; huwag maging marahas sa kanila, at huwag padanakin ang dugo ng walang-kasalanan." (Jeremias 22:3)

2. Ang batas ng mabuting pagtanggap sa Bagong Tipan

Sa panahon ng Bagong Tipan, ang nagkahiwa-hiwalay na mga anak ng Diyos ay nagsama-samang nagtipon sa pamamagitan ng pagtubos ni Kristo sa krus (tingnan si Juan 11:52), at ang mga hadlang na naghihiwalay sa Israel sa iba ay nabuwag (tingnan ang Epeseyo 2:14). At nagsalita si Pedro ng ganito: "Naiintindihan ko na ngayon na talaga ngang walang kinikilingan ang Diyos. Sa bawat bansa'y tinatanggap niya ang sinumang may-takot sa kanya at gumagawa ng tama." (Gawa 10:34-35).

Ang mga Kristiyano ay nabubuhay bilang bahagi ng iisang katawan ni Kristo, na kasama ni Kristo at kaya'y magkakapatid sa iisang Ama (tingnan ang Roma 8:14-16, Galatians 3:26, 4:6)

Kaya, sa Bagong Tipan, ang pagtanggap nang mabuti sa mga manlalakbay ay itinuturing na isa sa mga batayan ng buhay Kristiyano (Roma 12:13, Hebreyo 13:2, 1 Pedro 4:9).

Dagdag pa, ang mabuting pagtanggap ay isang kwalipikasyon ng pamumuno sa Simbahan (1 Timoteo 3:2, 5:10; Titus 1:8), at ang lahat na Kristiyano ay masigasig na hinihikayat na gawin ang mabuting pagtanggap bilang paraan upang maisabuhay ang pagmamahal sa kapwa (Romano 12:13). Ang mabuting pagtanggap sa mga dayuhan na dumating sa kanilang bansa, at pagdaig sa maling palagay at takot ay hindi lamang natural na pananagutan bilang tao na mainit na tanggapin ang kapwa, kundi pagiging tapat din sa mga turo ni Kristo. Tinatawag ko itong bokasyon ng Simbahan para sa pag-e-ebanghelyo ng mabuting pagtanggap.

3. Pag-e-ebanghelyo ng mabuting pagtanggap

Sa Bibliya, ang pagtanggap ay may mas malalim na kahulugan na hindi basta lang pagpapasaya sa mga kaibigan sa sariling tahanan. Ang salitang Griyego na *philoxenia* (pagtanggap) ay nangangahulugan ng "pagmamahal sa dayuhan." Ang utos na magpakita ng mabuting pagtanggap ay isang tawag na puntahan ang mga tao na may problema at magbuo ng ugnayang pangtao sa kanila. Noong tinanong si Hesus ng "Sino ang aking kapwa?" binaliktad niya ang tanong (tingnan ang Lucas 10:25-37). Sa imbes na magtanong ng "Sino ang aking kapwa?" dapat tayong magtanong ng "Kanino ako dapat maging kapwa?" Kahit ang mga estranghero na nangangailangan ng tulong ay mga kapwa na dapat bigyan ng kalinga. Sa Samaritano, ang naghihingalong Hudyo na inatake ng mga magnanakaw ay isang dayuhan, nguni't ang nasyonalidad ay hindi ginamit na batayan para magpasya na siya ay maging kapwa.

Ang bawa't isang nangangailangan sa atin, ang bawa't isang matutulungan natin, ay ating kapwa (tingnan ang sulat ensiklikal ni Pope Benedict XVI, *Ang Diyos ay Pag-ibig*, 15) Kahit ang pagtatanong ng "Sino ang aking kapwa?" ay paglalagay na ng mga limitasyon at kundisyon.

Ang Talinhaga ng Mabuting Samaritano ay nagsasabi na dapat nating higitan ang pagtingin ng lehitimo ba o hindi, na kumilos pasulong at pahalagahan ang ugnayan sa taong yoon na walang limitasyon. Tayong mga Kristiyano ay hindi tumutupad sa pag-e-ebanghelyo ng mabuting pagtanggap para lamang sa mga dayuhan; tayo ay may misyon na abutin ang lahat ng tao, ang mabuting pagtanggap ay mahalagang bokasyon ng mga Kristiyano na naglilingkod sa buhay ng daigdig.

4. Pakikipagtagpo kay Kristo

Ang pag-e-ebanghelyo ng mabuting pagtanggap ang nangangahulugan ng pagpapahayag ng pagmamahal sa iba at pagpapakita ng pag-ibig kay Kristo. “Makinig! Nakatindig na ako sa pinto, kumakatok,” (Pagbubunyag 3:20). Kung ang dayuhan ay kumatok sa pintuan ng aking bahay, ito ay mahalagang pagkakataon na makita si HesuKristo. Sa mga naniniwala, ang mabuting pagtanggap sa iba ay hindi lamang kawang-gawa, kundi isang paraan na makita si Kristo sa bawa’t isang tao. Hinihintay tayo ni Kristo sa mga kapwa, lalo na yung mahihirap, nangangailangan ng tulong, mahihina, mga walang proteksyon, mga binabalewala sa lipunan at mga naghihintay ng mga taong tutulong. Kaya, hindi dapat natin kalimutan na sa pagtatapos ng ating buhay, tayo ay huhusgahan ayon sa pagmamahal na ipinakita natin sa pinaka maliit nating mga kapatid (tingnan ang Mateo 25:31-45).

Sa panahon ng Lumang Tipan, ang mga salinlahi ni Abraham ay mga bisita at manlalakbay (pilgrims) sa lupang pinangako sa Canaan. “Hindi maipagbibili nang panghabampanahon ang lupa sapagkat ang lupa ay akin, at kayo ay mga dayuhan at panauhin ko lamang.” (Leviticus 25:23). Sa panahon ng Bagong Tipan, hindi mahalaga kung saan tayo ipinanganak o naninirahan, tayong lahat ay mamamayan ng ating inang bayang kalangitan, kasapi ng isang banal na sangkatauhan, ang pamilya ng Diyos (Ephesians 2:19). Wala tayong permanenteng tirahan sa daigdig na ito nguni’t nabubuhay tayo bilang manlalakbay (pilgrims) (tingnan ang 1 Pedro 2:11), palaging naglalakbay patungo sa ating huling tahanan. Nagsabi ang Second Vatican Council: “Isa ay ang komunidad ng lahat ng tao, isa ang kanilang pinanggalingan, dahil nilikha ng Diyos ang buong sangkatauhan na umiral sa ibabaw ng daigdig (tingnan ang Gawa 17:26). Isa pa ay ang huling layunin, ang Diyos.” (Second Vatican Council, *Nostra Aetate*: Declaration on the relation of the Church to non-Christian religions, 1). Kaya, ang pag-e-ebanghelyo ng mabuting pagtanggap bilang misyon ng mga nilalang ng Diyos na naglalakbay dito sa daigdig ay may panibagong kahalagahan sa panahon ng makabagong paglalagbay (migration).

5. Karapatang maglakbay

Ang mga tao ay may sariling tinubuang bayan, namumuhay ng malaya sa sariling bansa, pinanatili at pina-uunlad ang kanilang minanang pananalita, kultura at kagandahang asal (ethical), lantarang ipinakikita ang kanilang relihiyon, at may karapatan bilang tao na tratuhin sila nang maayos at may dangal sa anumang kalagayan. Sa kabilang banda, ang mga tao ay meron ding karapatang maglakbay. Kinikilala ng Simbahang Katoliko ang karapatan ng mga tao na umalis sa sariling bansa dahil sa iba’t-ibang dahilan at pumasok sa ibang bansa sa paghahanap ng mas mabuting ikabubuhay (tingnan ang Pope John Paul II encyclical, *Laborem Exercens*, On human work, 23). Sa mga nakaraang taon ng paglalakbay ng mga tao, ang pandaigdigang komunidad ay dapat kumilala bilang batas sa karapatang maglakbay (migrate) sa ibang bansa at lumipat ng tirahan (immigrate) mula sa ibang bansa. Itinuturo ng simbahan na hangga’t maaari ang mga mauunlad na

bansa ay may pananagutan na tumanggap ng mga dayuhan na naghahanap ng maayos na kalagayan dahil hindi na sila makakatira sa kanilang sariling bansa (*Catechism of the Catholic Church*, 2241).

6. **Huwag ipagwalang bahala ang mga migrante**

Isipin natin kung anong uri ng di-pagtanggap ang naranasan ng Banal na Pamilya ng Nazareth. Dahil walang matuluyan si Maria, "At nagsilang siya ng isang lalaki na kanyang panganay. Binalot ito ng lampin at inihiga sa sabsaban – dahil walang lugar para sa kanila sa bahay." (Lukas 2.7). Nanganib ang kalagayan nina Hesus, Maria at Jose dahil sa pagnanasa sa kapangyarihan ni Herodes, at kaya lumikas sila sa Ehipto, at dinanas nila ang pag-alis sa sariling bayan bilang migrante (tingnan ang Mateo 2:13-14). Sa kasalukuyang mga Kristiyano, ang pag-iral ng mga immigrants ay nagdala ng hamong ebangheliko. Kasama sa mga migrante ay ang mga *refugees* na tumatakas sa hirap na pamumuhay at iba pang mga panganib. Nung sinabi niya na, "Sapagkat nagutom ako at inyong pinakain, nauhaw ako at inyong pinainom. Naging dayuhan ako at pinatuloy ninyo ako. Nang ako'y hubad, dinamitan ninyo ako; nang maysakit ako, binisita ninyo ako. Nang ako'y nasa bilangguan, dinalaw ninyo ako," sinabi ni Hesus na siya mismo yung mga nangangailangan (Mateo 25:35-36). Dagdag pa sa palagiang pagpapahayag ng pangaral na ito ni Kristo, dapat ayusin ng Simbahan ang kanyang turo na ayon sa "mga hudyat ng panahon."

Dahil nalulungkot sa mga hindi makataong gawaing dinanas at mga kamatayang hinaharap ng mga refugees araw-araw sa lahat ng parte ng daigdig, hinamon ni Papa Fransisko ang pandaigdigang komunidad sa pamamagitan ng isang tanong mula sa Genesis, "Nasaan ang iyong kapatid? Sumisigaw sa akin ang kanyang dugo." (tingnan ang Genesis 4:9-10). Ang malamig na pakikitungo sa mga migrante ay pagkukunwari (hypocrisy). Kailangan tayo ng Panginoon "upang matupad ang kanyang pangako. Kailangan niya ang ating mga mata upang makita ang mga pangangailangan ng ating mga kapatid (brothers and sisters). Kailangan niya ang ating mga kamay upang makapag-alay sa kanila ng tulong. Kailangan niya ang ating boses upang maipaglaban ang mga hindi makatarungang gawain na dinanas nila na nangyari salamat sa pananahimik, at minsa'y tulong, ng nakararami." (July 6, 2018, Mass for Migrants).

Hindi dapat natin balewalain ang mga balita tungkol sa mga refugees sa buong daigdig. Hindi natin mapababayaan ang mga taong mahina at kapos sa tulong na namimiligro ang buhay at hindi maayos ang kalagayan, tinanggihan at pinagkaitan ng lipunan. Pananagutan ng mga Kristiyano ang palaging pag-aalala sa paghihirap ng mga migrante at napakalupit na kalagayan ng mga refugees.

7. Isang pangkalahatang Simbahan na walang hangganan

Dahil ang simbahan ay katoliko (pangkalahatan [universal]), meron itong misyon na magtaguyod ng pakiki-isa, pagmamahal at kapayapaan para sa buong daigdig, na umiigpaw sa pagkaka-iba ng relihiyon, nag-aalis ng lahat ng ethnikong

eksklusyon at diskriminasyon batay sa lahi, at ang pagtatayo ng lipunan na ang mga taong orihinal na tagaroon, mga immigrants at mga dayuhan ay sama-samang namumuhay at may pagkakapantay-pantay (tingnan ang Pope Paul VI, encyclical *Ecclesiam Suam*).

Kung ating sasambitin ang “Simbahang Hapones” hindi ibig sabihin nito ay “Simbahan ng mga Hapones,” kundi ito ay ang “Simbahan sa Japan.” Sa pagkakaroon ng lipunang may iba’t-ibang kultura, tayong mga Kristiyano ay kailangang magsikap nang mabuti na isabuhay ang pang-ebanghelyong pagtanggap at manguna tayo sa paglikha ng “kultura ng pakikitungo” ("culture of encounter”). Ito ay kailangang magawa bilang bahagi ng orihinal na misyon ng Simbahan, at hindi isang bagay na maaaring gawin kung nanaisin lamang.

Ngayon na ang panahon para ipakita ang tunay na anyo ng Simbahan na bukas sa lahat ng tao. Ang dayuhang Kristiyano na pumupunta sa ating mga parokya ay kapwa may pananampalataya na hindi lamang natin dapat pansinin, kundi mga kapatid na kasama natin sa pagtatayo ng iisang komunidad. Mahalaga din sa atin sa Diyosesis ng Kyoto na mapalalim natin ang pagtingin sa mga dayuhan at makilala ang kahalagahan ng pagsulong ng pakipag-dayalogo sa bawa’t isa.

8. Ang Parokya bilang tahanan na walang mga limitasyon

Ang salitang Griyego na *paroikia,* na nag-ugat sa salitang Ingles na *“parish,”* ay hango sa verb (pandiwa) na *paroikeo*, na nangangahulugan na pagtira na malapit sa bawa’t isa. Ito ay madalas na ginagamit sa Bagong Tipan na tumutukoy sa mga estranghero. Masayang tinatanggap ng parokya ng Simbahan ang lahat na dumating nang walang diskriminasyon sa sinuman, isang lugar na walang tagalabas. Ang Simbahan ay kailangang isang pamilya para sa lahat ng tao, lalo na yung naghihirap at may mabigat na dinadala, isang tahanan na kanilang mapagpapahingahan.

Para sa mga Katolikong migrante, ang kanilang relihiyon ay hindi lamang lubos na kailangan sa buhay, kundi ito rin ang pundasyon ng kanilang pagkakakilanlan (identity) at ang Espiritu ng kanilang bansang pinanggalingan.

“Ang mga pamilya ng mga migrante, lalo na sa kaso ng mga karaniwang manggawa at yung manggawa sa bukid, ay dapat matagpuan ang kanilang bayan saan man sa Simbahan. Ito ang tungkulin na nagmumula sa kalikasan ng Simbahan, bilang simbolo ng pagkakaisa sa gitna ng pagkakaiba’t-iba.” Papa Juan Pablo II, apostolikong panawagan *Familiaris Consortio,* On the family, 77). Kailangang walang kahit anong nakasanayang paghihiwalay ng mga lokal na nananampalataya at mga grupo ng immigrants sa loob ng isang parokya. Yan ang magsasara sa mas malalim na palitan at ang mga ugnayan ay magiging mababaw. Imbes, dapat nating gawin ang lahat na magkaroon ng mga pagkakataon na magsama sa gawain sa paghanap ng mga paraan upang maging mabunga ang pananampalataya ng bawa’t isa.

Bilang halimbawa nito, salamat sa mga migrante mula sa Latin America, ang Pista ng mga Brasiliano para sa Nuestra Señora Aparacida at ng mga Peruano na Señor

de los Milagros (Panginoon ng mga Milagro) na hindi dating alam sa Diyosesis ng Kyoto 30 taon ang nakalipas ay ngayo'y nagbubuklod sa lahat sa kanilang pagdiriwang.

Ang mga Katolikong Hapones na naapektuhan ng mga tradisyon at pananampalataya ng Simbahan sa ibang bansa ay natuto ng mas mayamang Katolikong ispiritwalidad at nakaranas ng pangdaigdigang Simbahan. Ang pakikipagkapwa at pagkakaisa na naglalayong makapagbuo ng isang multinational na komunidad ay hindi nangangahulugan ng asimilasyon na nagdudulot ng paglimot ng mga migrante sa sarili nilang pagkakakilalang pangkultura (cultural identities). Sa halip, ang mga lokal na mananampalataya sa pamamagitan ng pagpapalitan at pagkakilala sa pinagmulan ng bawa't isang pananampalataya bilang handog ng Diyos ay makakaramdam ng enerhiya ng napakagandang pananampalataya na dala ng mga migrante. (Pontifical Council for the Pastoral Care of Migrants and Itinerants, "The love of Christ toward migrants" 2, 42, 43, 62, 80, 89).

9. Sa lahat ng may dayuhang nasyonalidad

Kung ikaw ay isang dayuhan sa Diyosesis ng Kyoto, ikaw ay isang misyonero na espesyal dahil ikaw ay nagdala ng iyong Katolikong pananampalataya sa Japan. Hindi tulad sa iyong sariling bansa, ang kultura ng Japan ay walang Kristiyanong pinagmulan, at kaya maaari mong danasin ang hirap sa pagsasabuhay ng iyong pananampalataya. Dagdag pa, ang modernong lipunan ay lalo pang magsusubok na alisin ang mga utos ng Diyos at ng Simbahan sa iyong buhay na personal at sa komunidad. Huwag kayong magpatukso na mawala ang kahulugan ng pananampalataya at ang inyong kamulatan bilang miyembro ng Simbahan sa ganitong kapaligiran. Sa pakikipagka-isa sa inyo, kami na taga Diyosesis ng Kyoto ay minsan pang natututo ng kahalagahan ng araw-araw na pagsasabuhay ng saya at ng kapangyarihang dulot ng pananampalataya na dinadala sa aming buhay at sa pananampalatayang aming nakamit. Ang inyong pangangalaga sa inyong mga pamilya, sa debosyon ng inyong mga pamilya, sa inyong pagpapahayag ng pananampalataya sa inyong mga anak, sa inyong mga dasal sa pagbibigay ng proteksyon ng Diyos sa lahat ng bagay sa inyong buhay, at sa inyong pamamaraan ng pamumuhay na hindi nakakalimot sa pagpapasalamat (gratitude) at pag-asa ay mga huwaran para sa aming lahat.

Si Maria, na may naranasan ng paglalakbay ng pananampalataya kahit noong siya ay lumilikas, ay nasa ating tabi bilang ina sa lahat ng panahon ng ating sariling paglalakbay. Nawa ang Panginoong HesuKristo kasama ang kanyang inang si Maria ay maghahawi ng luha at magpapagaling sa lahat nang naglakbay palabas ng kanilang bansa at nangailangang humiwalay sa kanilang mga mahal sa buhay. Idalangin natin na nawa ay biyayaan ng Diyos ng pag-asa ang mga puso ng mga taong naglalakbay sa daigdig. At idalangin din natin ang mga nakikilakbay at nagsisilbi sa mga migrante at refugees.

＋Paul Yoshinao Otsuka
Obispo ng Kyoto

Nota: Ang mga teksto mula sa Luma at Bagong Tipan ay kinuha sa Christian Community Bible, http://www.bibleclaret.org/bibles/tagalog.htm.

English

“Toward the Kingdom of God beyond Borders” Revised Edition

On the occasion of reprinting “Toward the Kingdom of God beyond Borders”

The Episcopal Commission for Social Issues of the Catholic Bishops’ Conference of Japan announced the message “Toward the Kingdom of God beyond Borders” on November 5, 1992, and on January 20, 1993, published it as a booklet addressed to the whole church in Japan.

In those days, immigrants had been increasing and many foreign Catholics had come to the church. Responding to these changes, Mass began to be celebrated in foreign languages. Japanese believers started feeling confused as they attempted to accept different cultures, while they were also delighted at an increasing number of people who shared the same faith. In small local churches where more foreign people participated in Mass than Japanese, some people felt confused about the churches consisting mostly of foreigners.

Under these circumstances, Japanese churches accepted migrants, refugees and people on the move as their friends, and responded to the call to accompany them and hear their voices.

In the twenty years since, the situation of foreigners has changed. After the financial crises precipitated by the bankruptcy of Lehman Brothers, a lot of foreign workers were forced to return home. However, more than in the past, many people were settled in Japan in international marriages and a new generation of migrants has arisen.

Even though services provided at the level of local government have improved, generally things have been not changed or have even gotten worse. Antiforeign hate speech, prejudice toward immigrants and measures against refugees by the government are all worsening.

The Episcopal Commission for Social Issues sees a need to reprint this booklet so that people who belong to the Japanese church will be able to think about how multicultural and multinational communities should be.

The Catholic Commission of Japan for Migrants, Refugees and People on the Move has verified the contents and revised some parts where circumstances have changed since the first printing.

We invite you to share and think about the progress that has or has not been already realized, and things that have become new challenges in recent years, comparing the present situation and the past.

We hope this booklet will be able to lead you to work for the community.

September 25, 2016
Sueo Hamaguchi, Bishop of Oita, Chairman
The Episcopal Commission for Social Issues of the
Catholic Bishops’ Conference of Japan

"Toward the Kingdom of God beyond Borders" Revised Edition

The Episcopal Commission for Social Issues of the Catholic Bishops' Conference of Japan

Dear Brothers and Sisters,

The church has a mission to embrace and accept people on the move and to serve them. We bishops have reaffirmed this responsibility and have decided to issue this message.

Immigration, the journey of encounter

1 "Immigration" is part of the history of salvation, a social phenomenon deeply involved with the growth of the Kingdom of God. Father Abraham left his homeland and started out for the land of Canaan by God's command. Thus, the People of Israel was prepared as a homeland for the Savior. And the journey of people of God has continued and will continue until the Kingdom of God comes to complete the salvation of the world.

When Japan was not economically affluent, approximately a million people moved to North and South America and Asian countries. Currently the estimated number of descendants of people of Japanese ancestry has reached 3.5 million (cf. the website of the Association of Nikkei & Japanese Abroad, as of 2014), and there are quite a number of Catholics among these people. In recent years, the number of people of different nationalities visiting Japan which has grown rich is rapidly increasing.

There are approximately 2.3 million foreign residents in Japan, including illegal immigrants (cf. the website of Ministry of Justice). Among these people, it is estimated that there are more than 410,000 Catholics who come to the church.

Today, Japanese churches continuously encounter foreign residents in Japan, people in need of help, protection, and support for various reasons. In particular:

1 Immigrants and their families
2 Spouses in international marriages
3 Children who have foreign roots
4 Technical intern trainees
5 International students
6 People from South Korea, North Korea, Taiwan and China who came to work in Japan or who were brought in Japan against their will in the colonial past before and during the war, and their descendants
7 Refugees
8 Seafarers from different countries
9 Victims of human trafficking
10 Foreigners who are jailed or in immigration detention centers

By encountering those people, praying with them and trying to share our lives in the church or society, we believe that evangelical change will be brought to Japanese churches and society.

Main problems in encounter

2 In Japanese society, we see much discrimination and anti-foreign attitudes arising from a lack of understanding about the differences in race, gender, language, culture, lifestyle, religion etc. In the church, more understanding has developed along with the increasing number of foreign Catholics, but the attitudes described above remain.

As immigrants and their families have no social basis in Japan and their life is unstable, their place in society, workplace and community is tenuous. Immigrants are for the most part not protected by Japanese law, and so they are placed in a vulnerable position and they sometimes suffer inhumane treatment.

The Immigration Control and Refugee Recognition Act provides 27 qualifications for foreign residents in Japan. The Act also strictly controls the activities permitted due to resident status.

Over the past 30 years, people who have settled in Japan in international marriages temporarily or permanently have increased, but their rights are not guaranteed equally with those of Japanese people.

Under these circumstances, many problems are occurring. For example, the exploitation of technical intern trainees to compensate for Japan's labor shortage, isolation of women in international marriages, damage from domestic and other violence, alienation of children who have foreign roots, inhumane treatment for illegal immigrants at detention centers, the lack of certification of refugee status and so on. The spread of antiforeignism as represented by hate speech is also a major social problem.

Beyond differences, the witness of universality of the church

3 We Christian are invited to be truly one in Christ.
We must not forget that for the Japanese church, now is the perfect time for that. The church is a community in which people of all generations should embrace each other's differences by going beyond region, lifestyle or culture. Even the experience of friction and pain arising from each other's difference becomes an opportunity for conversion as a community.
By engagement with conversion, the Christian community can become rich in diversity.

Making efforts to live with difference does not force others to adopt one's own lifestyle, but leads to a new shared society and culture.

For the church, all are brothers and sisters in Christ. The Japanese church is not only for Japanese people. We can bear witness to the universality of the church by not only welcoming migrants, refugees and people on the move but by making efforts to build one community that transcends our various differences.

We can bear witness to the Kingdom of God that builds up new levels of humanity as we encounter people from different countries.

Saint Paul's letter to the Galatians is precisely a message to us now:

"It is through faith that all of you are God's children in union with Christ Jesus. You were baptized into union with Christ, and now you are clothed, so to speak, with the life of Christ himself. So there is no difference between Jews and Gentiles, between slaves and free people, between men and women; you are all one in union with Christ Jesus" (Gal 3:26-28).

We hope that people visiting the church and all people involved with the church will be able to find and share joy and happiness in encountering Christ in others.

The Challenge for the Japanese church

4 The fact that many people have left their families and homelands and moved to Japan and now live in a different culture is "a sign of the times" which continues to change even now. This "sign of the times" is a challenge for the Japanese church which is moving toward the Kingdom of God beyond borders, and presents possibilities for a new evangelization.

Actually, the good relations that lay people, Religious and clergy have with immigrants have drawn positive attention in various parts of Japan. However, a response to "the signs of the times" requires involvement not only by some believers, but challenges the whole Japanese church to such involvement every day. Major examples are as follows:

a) Dealing with civic movements and government:

1 Take initiatives and act for the protection of human rights against violations of human rights which occur at a high level. Work together on such problems as medical care, work injuries, unfair dismissal, unpaid wages, job and home searches, granting special permission for residence to overstayers, use of immigration detention centers, deportation for overstaying, domestic violence in international marriages, education for children who have foreign roots and others.

2 Examine necessary assistance to families in international marriages, hearing their opinions. Organize orientation meetings or seminars on the knowledge of the law, Japanese lifestyle, food and language.

3 Provide emergency shelter in cooperation with citizens' groups.

4 Work with people whose human rights are ignored, resulting in their being deemed illegal, trying to secure a change in their status under the Immigration Control and Refugee Recognition Act.

5 Work on revising the Immigration Control and Refugee Recognition Act to make it one based on fundamental human rights. At the same time, work on enacting fundamental laws such as the International Convention on the Elimination of All Forms of Racial Discrimination and a Basic Law for Foreign Residents to respect foreigners' human rights, and eliminate discrimination and anti-foreign prejudice.

6 Catholics should learn about the International Convention on the Protection of the Rights of All Migrant Workers and Members of Their Families adopted by the United Nations General Assembly on December 18, 1990, and participate in civic

movements that work toward ratification of it in Japan.

7 Have more understanding of the economical and political background of relationships among sending countries, receiving countries, and transit countries, as well as other issues in solidarity.

b) Churches' own challenges

1 Make further efforts so that Japanese churches will be able to bear witness as multinational and multicultural communities.

2 Each diocese and parish should make efforts to realize the following measures in cooperation with the Catholic Commission of Japan for Migrants, Refugees and People on the Move (J-CaRM):

・Develop communities in which foreign Catholics will be able to take part in the liturgy or Sacraments actively, respecting their ways of expressing Christian faith. Prepare liturgical texts in foreign languages, plan necessary workshops for faith formation.

・Encourage better communication among members of parishes regardless of nationality. As we all have the responsibility to build community together, people to be able to become full members of any parish.

・Consider providing more interpretation and translation for foreign Catholics so that they are not cut off from information.

・Mass needs to be celebrated in foreign languages, so that everyone can participate in their native language.
Mass in foreign languages should be organized by parishes voluntarily, but without being something separate from the parish community.

・Give consideration to everyone, and to foreign Catholics in particular, to be able to participate in the meetings or the activities in the church actively.

・It is desirable that each diocese to provide a consultation service offering practical support.

・As church, we will build a system and a network to deal with various problems that foreigners face.

Let us carry out the terms outlined above, doing what can be done positively in different places, including seminaries and centers for formation of laity, Religious and priests.

May God, the Father of all humanity bless you all, and may God pour his love on our efforts toward the Kingdom of God beyond borders.

September 25, 2016
The Episcopal Commission for Social Issues
of the Catholic Bishops' Conference of Japan